

**Presidential Communications Operations Office
News and Information Bureau**

**CABINET REPORT SA TELERADYO WITH PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR
AND GUESTS: BATANGAS GOVERNOR HERMILANDO MANDANAS
& DEPARTMENT OF HEALTH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III
BY PCOO ASSISTANT SECRETARY KRIS ABLAN AND ASSISTANT SECRETARY JV ARCENA
RADYO PILIPINAS
JANUARY 31, 2020**

ASEC. ARCENA: Magandang gabi Luzon, maayong gabii Visayas at maradjaw na duyom Mindanao – ako po si JV Arcena.

ASEC. ABLAN: At ako naman si Kris Ablan.

ASEC. ABLAN: At ito po ang Cabinet Report sa Teleradyo.

ASEC. ARCENA: So ngayon, makakausap po natin sa linya ng telepono si Governor Hermilando ‘Dodo’ Mandanas ng Batangas para hingan ho natin Asec., ng update po diyan sa Batangas kaugnay pa rin po sa Taal Volcano eruption. Good evening po, Gov.

GOV. MANDANAS: Magandang gabi sa inyo.

ASEC. ARCENA: Sir unang-una, ano ho ang update dito ho sa Taal Volcano unrest. Kumusta ho ang inyo hong responses lalo na doon sa mga evacuees?

GOV. MANDANAS: Well, kapares ng nabanggit mo, ang lalawigan ng Batangas ay nasa Alert Level 3. Ang ibig sabihin nito ay posible pang pumutok ang bulkan at ngayon mataas pa rin ang risk sa kalusugan at sa physical injuries and lives of the people who will enter, you know, within the 14-kilometer radius from the volcano. Pero dito sa lalawigan, sa pag-aaral ng PHIVOLCS ay ang mga mamamayan na gustong bumalik ay mayroon na silang pagkakataon na mag-isip kung gusto nila o hindi. Pero laging isasaalang-alang na iyong Alert Level No. 3, ‘ayun nga, puwede pang bumalik sa number 4 at baka tumuloy sa 5.

Pero siyempre ang ating panalangin at ito nama’y panalangin lang ang magagawa natin dito, ay ito ay bumaba sa Level 2, which means talagang remote na iyong possibility na pumutok ito at ‘yung risk to life and property eh bawas na. Pero sa ngayon, talagang makapal pa ang ash na pumatak galing nga dito sa volcano sa bubungan at mga kalsada. At may mga cracks pa ngayon hindi lamang sa kalsada kundi pati sa ilalim ng mga bahay at marami ngang mga bubong na bumagsak.

Kaya’t pagpasok ay mag-iingat sa inyong buhay – may isa nang namatay dahil sa paglilinis ng bubungan ay nadulas at bumagsak sa lupa – patay eh. Marami rin namang bumagsak, hindi

naman namamatay pero nababalian. At iyong iba naman pagpasok sa bahay ay nababagsakan. At mayroon ngang isang naka-motorsiklo dahil din sa cracks at maraming laman sa likod na mga food packs, eh bumalik, naaksidente – patay. So dalawa iyong namatay sa aksidente sa kalsada. Pero dito sa nakaraang mga linggo dahil pa rin sa anxiety, maraming na-stroke. ‘Pag sabi kong marami, mga dalawampu ang namatay.

Kaya sabi nga natin, pag-iingatan dahil siyempre ito namang mga ito’y may sakit na talaga ano, hindi naman namatay sa evacuation center, nadala naman sa ospital ano at ‘yung iba ay talagang nasa ospital na. But ang ibig kong sabihin ay talagang kailangan pa ang pag-iingat, panalangin dahil nariryan pa ang panganib.

Kaya’t bilang Governor, ang aking payo ay huwag titigil doon sa lugar na ito. Pero sila naman ay mayroon na ngang karapatan na mag-isip. Sila na ang—pag-aralan, limiin. At ganoon din iyong ating papasok sa elementary, secondary – iyong junior and senior high school; iyong mga paaralang under ng Department of Education.

Bilang Governor, ang ating payo eh suspended pa rin ang mga grade school at high school. Pero ganoon din, iyong Mayor, dahil mas malapit siya diyan o kaya iyong mga kinatawan ng Department of Education eh pag-aralan din kung puwede na nilang buksan. Dahil by tomorrow, iyong mga eskuwelahan na ginawang evacuation, malilinis na namin—linis na ngayon, halos linis na hanggang bukas – magagamit na sa Lunes.

Pero hindi ko sigurado at ako’y malayo. Marami kaming paaralan dito, kung aling school na naapektuhan iyong mga bubungan at mga—pagka ganoong grado, iyong kanilang mga sahig at mga hagdan kung puwede na talaga. Kung puwede na, depende na sa mga DepEd at ganoon din ang mga Mayors kung puwede na. Pero bilang Governor, ako ay ayoko talagang isailalim sa mapanganib na kalagayan ang ating mga mamamayan, ano. Kaya’t sa akin suspended, pero sabi ko nga iyong Mayor o iyong Department of Education representative ay puwede naman nilang—kung sa palagay ay puwede na, ligtas na sa panganib at hindi isaalang-alang ang buhay o pangangalaga sa mga kabataan, eh puwede nang papasukin, ano.

Kaya halimbawa ngayon sa mga evacuation center, kung ikaw ay nasa labas noong danger zone, sabi ko nga iyong 14-kilometer radius from the volcano, doon naman hindi lamang sapat ang pagkain, tubig, personal necessities ano; maayos ang mga tulugan ano. Eh kung nandodoon ka, huwag ka na munang aalis. Iyong iba, siyempre’t pinaalis naman iyong mga ama ng tahanan o iyong kuya para tingnan ang kalagayan; nagpupunta sa kanilang mga bahay dahil may mga alagang baboy, baka at ganoon din iyong mga nasa fish cages, umuuwi para pakainin. Iyon ay depende na nga sa kanila, depende na. Pero iyong mga evacuees, talagang alaga naman sila sa kanilang pagkain, tulugan at mga pangangailangang pang-araw-araw.

Iyon nga ng iba eh sa dami nang natulong ano, eh talagang marami nang naipon na kung nakikita natin kung minsan na puwedeng magbukas na ng sari-sari store ano. Pero hindi

natin masisis dahil hindi nga alam pa ang mangyayari, siyempre habang mayroon, eh nag-iipon sila ano. At ang malaking nakatulong talaga bukod sa ating pamahalaang nasyonal, si Presidente mismo at ang ating mga departamento, ng mga Cabinets natin talagang tuloy at talagang napakadami—lalo na ang ating mga Department of Social Welfare, Department of Labor, Agriculture, itong Department of Trade tutulong pa ito para sa kanilang livelihood pagka nasa rehabilitation na tayo. Talagang tutok na tutok ang mga pamahalaan natin.

At iyong mga donations at tulong – Red Cross, pinamumunuan ni Senator Dick Gordon, talagang hanggang ngayon pinaplano na namin, 1,600 tents dahil alam mo nagsilikas iyong isang milyon eh. At ang malaking tulong din, iyong mga kumupkop sa 80%; 80% hindi pumunta sa mga evacuation centers. We had around 499 at the peak, so around 200/250 persons doon sila nakatira at inaalagaan. Mayroon namang mga nasa bahay, so ‘yan ang kalagayan natin ngayon.

At ang isang napansin ko rin at napansin ng lahat ay iyong mga local governments, mga bayan, lungsod, lalawigan ay talagang nagpakita ng pakikiisa, pagtulong at ng tunay na malasakit ano. Kaya’t dahil naman talagang napakaganda ng samahan ng local government dito sa atin.

ASEC. ARCENA: Gov., nasa linya rin po ng telepono, makakasama rin po natin Gov. Dodo, si Secretary Martin Andanar. Sir good evening at nasa linya rin po si Gov. Hermilando ‘Dodo’ Mandanas ng Batangas.

SEC. ANDANAR: Magandang gabi po sa inyo sir, idol... Governor Dodo.

GOV. MANDANAS: Magandang gabi naman Sec. Martin at lagi naman tayong magkasama kaya’t ako’y natutuwa na talagang binibigyan ng pansin ang mga pangangailangan at pinaaabot sa ating mga kababayan kung gaano talaga ang malasakit/pagtulong ng ating pamahalaan – sabagay, mabuti’t ang ating radio station ay buo at matapat at makatotohanan ano. Hindi rin natin maiiwasan na mayroong iba – iilan naman – na talagang pinahihina ang loob sa ginagawang malasakit ng ating mga naglilingkod sa pamahalaan. Sa kabuuan, napakaganda.

ASEC. ARCENA: Oo. Makikita naman po natin ‘no, talagang ang ganda ho ng kooperasyon ng local at ng national governments lalo na ho dito sa pagresponde dito sa Taal Volcano eruption. At maraming salamat muli Gov. Mandanas sir, sa inyo pong inilaan na oras dito ho sa Cabinet Report sa Teleradyo.

SEC. ANDANAR: Maraming salamat po, at makasingit lang JV. Kasi gusto ko lang ho i-commend si Gov. Dodo Mandanas sa kaniyang napakagaling na liderato diyan po sa Batangas lalo na iyong nangyari po itong pag-alburoto ng Taal, marami pong apektado. Pero mayroon po akong tanong Gov. Dodo na labas ho dito sa Taal.

Alam po natin na ang buong mundo is waiting, is actually gripping for this 2019 Novel Coronavirus. At to the point na marami ho sa mga kababayan din ho natin ang nagiging discriminatory na, xenophobic na sa mga Chinese. And yet, this should be a time for everybody to come together as a united nations, para magtulungan dahil wala naman hong boundary na tinitingnan ang isang virus tulad ng Coronavirus. Ano po sa palagay ninyo Governor Dodo?

GOV. MANDANAS: Napapansin ko nga na parang nahahalan din ng politika, dahil ito nama'y masasabi natin na wala ito sa control ng anumang pamahalaan, at nakikita naman ang pag-iingat na ginagawa noong mga pamahalaan para talaga ito ay hindi lamang masugpo o hindi lamang—huwag lumaganap ano. Tama ang sabi mo, sa panahon ng sakuna na kapares din nitong Coronavirus ay kailangan talagang magtulungan. Huwag nang magsiraan pa! Dapat magkaisa tayo para sa kapakanan ng lahat, 'yan ang napakahalaga na iyong mga maliliit na kakulangan ay huwag nang palakihin, ano.

Iyon ang nangyayari ngayon na—ito nama'y hindi lamang sa Coronavirus, hindi lamang sa Taal kundi pangkalahatan. At ang nangyayaring ito'y pagsubok sa talagang pagkakaisa natin ano, iyon ang kailangan natin talaga ngayon.

SEC. ANDANAR: Salamat po Gov. Dodo sa magandang mensahe. Pagkakaisa ho talaga ang kailangan, hindi lang ho sa loob ng bansa natin kundi maging sa buong mundo. Pagkakaisa ho ang kailangan po talaga para masugpo na ito, itong—o mahanapan na ng solusyon itong problema na Coronavirus. Salamat po at magandang gabi po sa inyo, Governor.

GOV. MANDANAS: Magandang gabi rin at maraming salamat sa pagkakataon na makipag-usap tayo sa harap ng ating bayan.

ASEC. ARCENA: Maraming salamat po Gov. Dodo Mandanas ng Batangas. At ngayon nasa linya naman po ng telepono Sec. Mart at Asec. Kris, si Secretary Francisco Duque III ng Department of Health. Good evening po, Secretary Duque.

ASEC. ABLAN: Good evening po.

SEC. ANDANAR: Good evening.

SEC. DUQUE: Magandang gabi sa inyo Sec. Martin and Asec. Kris, sa lahat po ng inyong mga tagasubaybay.

ASEC. ARCENA: Sir, ano na po ang update dito po sa 2019 Novel Coronavirus? At balita nga po natin na tumataas iyong bilang 'no ng mga inoobserbahan na pasyente.

SEC. DUQUE: Sa pinakahuling ulat ngayong araw, nadagdagan ng dalawang persons under investigation ang nasa listahan natin. So inaantay lang natin ang resulta ng kanilang mga confirmatory test. Eh kasi kanina ang ginawa ko buong araw, pinulong ko ang Interagency

Task Force on Emerging Infectious Disease katulad ng Novel Coronavirus. At doon nga ay ang presidential directive ay lumabas kanina na ni-recommend nga namin na ang coverage ng ban ay hindi lang ang Hubei Province kundi kasama ang mga lugar na kung saan mapapatunayan na tumataas ang bilang ng nCoV infection sa mga iba't ibang bahagi ng China.

ASEC. ARCENA: Okay. Sir, ano pa ho iyong mga inirekomenda natin sa atin pong mga kababayan at sa atin pong mga ahensiya para ho dito sa pagresponde dito sa nCoV?

SEC. DUQUE: Well bago ko sagutin 'yan, gamitin ko na rin muna ang pagkakataong ito na sa aming pagpupulong ng interagency task force ay mayroon tayong repatriation na gagawin para sa ating mga kababayan na nasa Wuhan o sa Hubei na gusto nilang makauwi. May mga limampu sila, so pinag-usapan kung papaano gagawin ito at ayon doon sa ating task force, ang DOJ, DOTC at DOTr, DOT at saka ang DOJ, DFA ano, at saka DSWD at DOLE, nagkasundo kami na dapat maging maayos ang pag-repatriate sa kanila mula sa Hubei Province at may mga kinonsidera rin na mga lugar kung saan sila iku-quarantine – kasi kailangan ang kondisyon diyan, 'pag umuwi sila, iku-quarantine sila nang isang linggo. So 'yan ay inaayos na natin at dahil ang indicative date ng kanilang pagbalik ay sa February 8.

ASEC. ARCENA: Oo. So magpapadala po ba sir ng eroplano doon sa Hubei?

SEC. DUQUE: Yeah, tama po kayo. Mayroong ina-arrange na dalawang chartered flights para sa ating mga kababayan doon.

SEC. ANDANAR: Siguro po ang susunod na tanong diyan JV and Asec. Kris is, Sec. Duque sir, saan po iku-quarantine itong mga OFW, mga kababayan po natin na ire-repatriate po sa pamamagitan ng chartered flights? Mayroon po bang isang area, bukod po doon sa mga ospital? Kasi ang fear po kasi baka hindi na kasya itong mga 'to. Saan po ang plano ninyo na i-quarantine ang mga kababayan natin?

SEC. DUQUE: Mayroon tayong dalawang pinagpipilian ano. Ito ay isa sa Mindanao at saka isa naman sa Luzon. So tinitingnan natin iyong Fort Magsaysay, iyong malaking DRC doon na hanggang sampung libong katao ang puwedeng mailagay doon. Pero siyempre hindi naman lahat iyon gagamitin. Kung ano lang iyong available doon, iyon ang gagamitin natin para sa initial wave of volunteer returnees – so 'yan ang sa kasalukuyang pinaghahandaan. Bukas bibisitahin ng AFP, PNP at DOH iyong facility para siguraduhin na maayos. Para pagdating ay plantsado na lahat, at iyong plano ngayon ay hinihimay-himay na iyong plano.

SEC. ANDANAR: It's a great plan. Actually Secretary Duque, kasi noong tinanong ako doon sa Cebu City kahapon, I was going to suggest pero sabi ko 'antayin ko na lamang si Secretary Duque because this is under his purview na mayroon tayong isang malaking facility diyan sa Fort Magsaysay. How about doon sa Mindanao po't sa Visayas? Mayroon po ba tayong lugar doon na puwedeng i-quarantine ang ating mga kababayan?

SEC. DUQUE: Well tinitingnan natin Sec. Martin ‘no, itong sa Bukidnon. Pero siyempre kinakailangan ay ikonsulta muna ito doon sa mga pamahalaang lokal at, kasi alam mo na, siyempre baka may mga ayaw kung doon natin ilalagay ang mga quarantined, iyong ating ipapasok sa quarantine, so pati iyon, inaayos natin. Mas gusto kong pag-usapan siguro ito sa another time kasi hindi pa masyadong—**[PHONE LINE CUT]**

ASEC. ABLAN: Nawala si Sec. Duque.

SEC. ANDANAR: Nawala... Actually I was going to also say na kung ilagay doon sa Bukidnon, ang Bukidnon kasi parang Baguio ‘yan eh, parang Baguio City—

ASEC. ARCENA: Malamig.

SEC. ANDANAR: Oo, temperate. Kasi nabasa ko sa—isa sa mga descriptions nitong 2019 Novel Coronavirus, na nagta-thrive ito sa isang lugar na you know, temperate, na malamig na hindi mainit, pero ‘pag mainit iyong panahon at mataas iyong humidity ay dito ito namamatay.

ASEC. ABLAN: Back on the line na po si Sec. Duque. Sec. Martin baka gusto ninyo pong tanungin siya tungkol diyan po sa...

SEC. ANDANAR: Oh yes. When you mentioned kasi na iyong sa Bukidnon, I understand mayroon doong drug facility na libre na medyo malaki Sec. Duque. Pero nabasa ko ho kasi sa isa sa mga—I think kayo po nag-post noon or someone else na iyong Coronavirus ay nagta-thrive ito sa temperate na lugar, iyong parang mala-Baguio na weather.

Nawala ulit... So anyway, that was just my idea pero again, it’s good to know na mayroong Fort Magsaysay na puwedeng gamitin para sa mga kababayan natin na uuwi mula sa Wuhan, China.

ASEC. ABLAN: Sana Sec. ‘no enough na lang iyong sa may Fort Magsaysay at hindi na kailangan po ng second quarantine area sa Bukidnon. Sana ma-contain na po sila lahat.

SEC. ANDANAR: Oo. Saka ang worry ko rin, siyempre mayroon tayong mga direct flights from China to Cebu hindi ba? So kung sa Cebu, saan mo ilalagay? Kasi alangan naman dalhin mo pa sila sa NAIA ulit tapos ‘di ba, Nueva Ecija-NAIA, Nueva Ecija o Clark, eh siyempre maraming—kung maraming chances of human contact, mas malaki iyong chance na may mahawa.

ASEC. ARCENA: Back on the line po Sec. Mart, si Secretary Duque.

SEC. ANDANAR: You can point it out JV, iyong sinabi ko kanina.

ASEC. ARCENA: Sec. Duque, hindi ho ba magiging—kasi mga reports din na ang Coronavirus ay nagde-develop sa mga areas na medyo malamig ‘no. Ang Bukidnon kasi Sec., ay base sa inyong sinabi kanina na isa sa mga kinonsider ninyo na area for Mindanao, hindi ho ba ito mag—baka magkaroon ho ng complication?

SEC. DUQUE: Ahh... dahil sinabi ninyo parang Baguio weather ‘no.

ASEC. ARCENA: Yes, oo.

SEC. DUQUE: Mababa... Depende, kailangan alamin natin kung ano ba ang temperatura. Kasi nga noong nabanggit ko sa interview kaninang umaga, iyong Coronavirus, mas mahirap siyang ma-inactivate. In other words, mas mahirap siyang patayin sa malamig na lugar at tuyo. So low humidity and low temperature, mas matindi siya – mas matagal siyang mabubuhay sa madaling salita – Oo, so baka nga that is a point against doing it in Bukidnon.

SEC. ANDANAR: Tama po kayo Sec. Duque. Ang Bukidnon kasi temperate iyon eh, parang Baguio din ‘yan at all-year round nag-a-average ‘yan ng mga 16 to 18 degrees sa gabi.

SEC. DUQUE: O ‘ayun mababa iyon ha, lalo na ngayon taglamig.

SEC. ANDANAR: Oo, taglamig ngayon. In fact based on the AccuWeather iyong buwan na ito saka buwan ng Marso, Abril ang pinakamalamig na buwan hindi lang sa Cagayan De Oro pati maging sa Bukidnon. I’m just saying this because ako iyong CORDS diyan sa Region X [laughs].

SEC. DUQUE: Tama, alam na alam mo oo. Maalam ka patungkol sa magaganap na climate ano, mangyayaring klima at kinakailangan ikonsidera ‘yan sa bandang huling pagpipila ng anumang pinakamagandang lugar para ma-quarantine ang ating mga kababayan once ma-repatriate sila mula sa Hubei, China.

SEC. ANDANAR: May second question Sec. Duque, if you’ll allow me Kris and JV.

SEC. DUQUE: Of course, all the time.

SEC. ANDANAR: Oo. Kasi kahapon ho kasi nandoon ako sa Cebu at isa ho ‘yan sa mga naobserba ko noong nagpatawag po ng meeting si Gov. Gwen Garcia. Ito po’y interagency meeting din doon sa Cebu, sa Province of Cebu. At iyong isa sa mga tanong ng mga reporters doon eh handa ba iyong national government pagdating sa mga face masks, pagdating sa pagkontrol mula national hanggang municipal level.

At ang sagot ko po sa kanila ay mayroon po tayong structure of government na mayroon pong barangay, mayroon pong municipal, municipality, mayroon pong city, mayroon pong province, regional offices. At iyon po ang sinagot ko sa kanila na bawat hierarchy, sa bawat

landing sa isang hierarchy ay mayroon pong emergency budget ‘yang mga ‘yan wherein they can spend that in times of emergency – tama po ba ako, Secretary Duque?

SEC. DUQUE: Oo, tama naman ‘yan, at puwede silang gumamit niyan. Pero kailangan may pagdedeklara ng state of calamity lalo na sa mga local government units, hindi naman kasi basta-basta puwedeng gastusin ang pondo para sa mga ganitong kaganapan, so ang policy diyan, ang national government mag-i-state of emergency at sila mag-state of calamity.

SEC. ANDANAR: Okay... so, so far wala pa naman hong national state of emergency?

SEC. DUQUE: Ah wala namang ganoon. Wala pa, kasi sa ngayon nga iisa lang. So ito naman na problema sa evolving Coronavirus ay hindi lang naman ‘yan ang sakit na dapat pinangangalagaan natin ang mga sarili natin para labanan ito. Kasi maraming mga ibang sakit din dito na nagiging sanhi ay pneumonia, lalo na sa mga matatanda na may mga iba ring mga sakit katulad ng cancer, katulad ng diabetes, emphysema, heart disease ano... eh bumabagsak ang kanilang immune system kaya mas madaling magkaroon ng mga sakit. Kaya hindi lang naman usapin na patungkol sa Novel Coronavirus ang dapat nating paghandaan kung hindi pati din iyong mga ibang viruses gaya ng Influenza A, Influenza B virus, iyong Klebsiella Pneumonia, marami eh... iyong Streptococcus pneumoniae, iyong Haemophilus influenza.

Alam ninyo itong mga ito ay ang dulot nito, ganoon din pneumonia din eh. Sa bandang huli, kapag napabayaan, na mahina ang resistensiya at hindi natin pinangangalagaan ang ating kalusugan. So ang sa akin, paulit-ulit na sinasabi, iyong personal hygiene pairalin natin. So ano ba ang mga aspeto ng personal hygiene: Number one, iyong paghuhugas ng kamay, ang laki-laking tulong niya. Hindi na tayo kailangan pang gumawa ng kung anu-anong mga hakbang basta siguraduhin natin lagi tayong naghuhugas ng kamay 20 seconds bago kumain, matapos kumain, kapag may hinawakan na maraming mga gamit o kasangkapan, lalo na kapagka iyong kasangkapan na ‘yan ay hinawakan ng mga ibang mga tao – maghugas po tayo ng kamay o ‘di kaya maglagay po tayo ng alcohol or alcolgel.

Ay naku very effective ito! Lalo na kasi itong Novel Coronavirus, ito’y nakakahawa sa—pagka mga droplets ‘no galing sa iyong sa singa, galing sa sipon, galing sa ubo... Pagka nag-landing iyong droplets na ‘yan sa mga ibabaw halimbawa ng lamesa, ng upuan, ng TV, ng radio, ng telepono, ng kumot o kaya mga fomites kung tawagin ano. Fomites, so ito ‘yung mga panyo ganoon... eh madali ang hawaan pagka nadampot ng ibang tao ano, iyong galing sa may sakit. So iyong washing of the hands, talagang para sa akin ‘yan ay—that’s a must ‘ika nga ‘no. Konting bagay lang ‘yan.

SEC. ANDANAR: You mentioned Sec. Duque, washing of the hands, it’s a must. Now for the sake of clarity lang po, kasi nakatanggap po kami ng letter ngayon sa Malacañang na kailangan lahat ng mga empleyado/bisita na papasok ng Malacañang ay nakasuot ng mask.

Pero is it a must na lahat ng Pilipino magsuot ng mask ngayon? For the sake of clarity lang po.

SEC. DUQUE: Ah hindi, hindi... Hindi tama iyon, hindi kailangan. Ang kinakailangan lang diyan, halimbawa kahit na wala pa iyong Novel Coronavirus pero mayroon kang sipon, lagnat, ubo eh mas maganda magsuot ka ng mask para hindi ka makahawa. Again, hindi lang ito patungkol sa Novel Coronavirus, kung hindi pati sa mga ibang mga mikrobyo o ibang virus at bacteria. So hindi naman tama iyon, lahat pagsusuotin ng mask. At ang mga priority diyan, iyong mga ating mangangalaga sa mga ospital – iyong mga doktor, iyong mga nurses, medtechs, midwives – iyan ang dapat pina-prioritize natin kasi sila ang haharap mismo doon sa mga may sakit.

SEC. ANDANAR: Ayun, so klaro iyon ha, mga kababayan.

SEC. DUQUE: Oo, dahil wala naman tayo sa ospital. Naglalakad tayo sa mga opisina natin, walang dapat ipangamba.

SEC. ANDANAR: So very clear. But we advise that we should always be hygienic – wash your hands all the time.

SEC. DUQUE: Yes, number one, oo.

SEC. ANDANAR: Maganda iyong sinabi mo Sec. Duque, na either you sing Happy Birthday or you pray Our Father para ...

SEC. DUQUE: Oo, may kasama pang basbas mula sa langit habang ikaw ay naghuhugas – ito ay ... napaka-epektibo nito. So dapat ay tumalima ang taumbayan dito po sa ating mga praktikal na mga gawain na talagang proven na iyan, marami nang pag-aaral na isinagawa, maraming pananaliksik or research na nagpapakita na may taglay na proteksyon ito laban sa mga sakit. And it's very, very practical ano, simpleng-simple, doable;

Tapos, number two, you have to avoid crowded places. Halimbawa, mapunta ka sa elevator na siksikan, eh 'di ilagan mo na iyon. Mabuti pa na gamitin mo iyong hagdan, may exercise ka pa, maganda sa puso at saka sa daluyan ng dugo. Eh bakit ka pa makikipagsiksikan sa mga elevator;

Pangatlo, dapat uminom nang maraming tubig para maging moist iyong lalamunan kasi kung dry, madalas mas madaling kapitan ng virus ang dry throat. So uminom ka maya't maya para you keep the throat moist 'no, iyong lalamunan; Tapos iyong pag-iinom ng Vitamins A, C, D, E at saka Zinc. Napakahalaga po ng Zinc, mayroon pong taglay na proteksyon din ito sa inyong lalamunan laban sa mga mikrobyo, viruses, bacteria, etc;

Ang panghuli na lang po ay ang pag-ehersisyo. Mahalaga po ang exercise sa pagpapatatag ng ating resistensiya. At iyon na nga, iyong huwag nagpupuyat, siguraduhing may sapat na

oras para sa tulog – pito hanggang walong oras, okay na iyan. Huwag inaabuso ang katawan: Huwag naninigarilyo; Huwag umiinom. Ito na ang panahon, siguro ang gusto ng Diyos sa atin ay pangalagaan naman natin ang ating mga sari-sarili sa pamamagitan ng pagpapairal ng ating sariling pang-personal na kalinisan at maging mabait tayo sa ating mga katawan nang sa ganoon ang kalusugan ay mapag-ibayo natin at makakapagbigay-proteksyon laban sa mga namamayagpag na mga sakit.

SEC. ANDANAR: Salamat po talaga sa mga payo na iyon. Eight hours of sleep, kailangan alagaan ang katawan. Kaya ikaw, JV, ikaw inaabuso mo iyong katawan mo. Tulog ka apat na oras lang.

SEC. DUQUE: Hindi puwede iyon.

SEC. ANDANAR: Itong si Kris Ablan, buti ito nag-e-exercise, nagbi-baseball at nagba-biking ito – baka mayroon kayong tanong, Kris?

ASEC. ARCENA: Sir, ito medyo curious lang din kasi iyong mga kababayan natin, lalo na doon sa first nCoV patient ‘no. Ang mga tanong nila kasi doon ay iyong, umikot na pala itong pasyente na ito sa iba’t ibang panig ng bansa, ano ho iyong ginagawang pag-track ng DOH at ano po ang plano ho ng DOH doon naman sa mga nakasalamuha ng pasyente?

SEC. DUQUE: Well, nag-umpisa na kahapon iyong ating Epidemiology Bureau, iyong surveillance officers natin, kasama ang ating regional offices, ano – halimbawa doon nga sa Cebu, Dumaguete, Region VII iyan at Central Visayas iyan na kung saan ang ating mga Epidemiology Bureau officers ay sinimulan na ang tinatawag na contact tracing.

Dito naman sa Manila, inumpisahan na rin na makipag-ugnayan sa mga paliparan – iyong Cebu Pac at saka iyong PAL – na kung saan napag-alaman na sumakay ang dalawang pasaherong ito. Kaya sa kasalukuyan ay isinasagawa ang contact tracing para nang sa ganoon ay makilala itong mga taong ito dahil—basta may flight manifesto ka naman, makikita mo doon iyong mga pangalan ng mga kasamang mga pasahero. At mayroong tinatawag na Rule of Four – alam ninyo ba iyong Rule of Four?

ASEC. ABLAN: Ano po iyon, Sec?

SEC. ANDANAR: Ano po iyon?

SEC. DUQUE: Ang Rule of Four, halimbawa, ako ay naupo sa isang eroplano tapos may novel coronavirus pala ako, napag-alaman. So iyong apat na tao sa harap ko sa upuan, iyong apat na tao sa likod ko, iyong apat na tao sa kaliwa ko at apat na tao sa kanan ko, iyon ang mga taong hahanapin ngayon on the basis of the flight manifesto, ‘di ba may flight manifest iyan. At saka, on the basis of health declaration card, doon makikita kung saan sila hahanapin. So iyon ang unang phase ng contact tracing activities.

Iyong second phase, iyong doon sa local, sa localities. Kagaya noon, napunta kung hotel ba iyan, kung anong barangay, susuyurin iyan ng ating mga contact tracing personnel para nang sa ganoon ay mabigyan ng abiso kung sinuman iyong mga nakasalamuha nung pasyente.

So mayroon na tayong protocol para sa ganoon. At ilang beses na talagang ginagawa naman ng DOH iyan, noong panahon ng SARS, panahon ng MERSCoV, panahon ng pandemic AH1N1. So 'ika nga, kabisado na nila itong mga ganitong hakbang para sa contact tracing.

ASEC. ARCENA: Isa pang concern 'no, tanong ng atin pong mga kababayan, Secretary Duque, ay ano raw ba talaga ang mga sintomas ng nCoV? Kasi may mga nagsasabi na asymptomatic, may nagsasabi na parang flu lang daw. Puwede ninyo po bang i-detalye sa amin kung ano po iyong mga sintomas kapag mayroon pong ganitong sakit?

SEC. DUQUE: Unang-una, ibig ko hong ipaliwanag sa inyo na mga walumpung porsiyento ng nCoV infection ay mild form; iyong mga 20% percent, severe respiratory illness. Iyong kung tawagin ay acute respiratory illness or severe acute respiratory illness, sa bente porsiyento. At ang mortality rate, ang prosiyento ng namamatay ay mga two to three percent – mababa lang 'no; hindi katulad ng MERSCoV, 36%.

Ibig sabihin ng 36% death rate sa MERSCoV ay for every 100 people who are infected, 36 ang namamatay. So ang laki, ang laki ng case fatality rate or mortality rate! Samantala dito, so far, consistently ay nasa two to three percent – every 100 cases, ang namamatay ay dalawa hanggang tatlo. Pero siyempre, hindi naman maganda iyong may namamatay kahit na kakaunti. Siyempre ang buhay na mawawala ay buhay na sobra-sobra, na hindi dapat matanggap natin na may mga namamatay.

Pero para lang mailagay naman sa tamang perspektibo ay ikukumpara rin natin doon sa mga ating karanasan sa mga naunang mga sakit tungkol sa coronavirus kagaya ng MERSCoV at saka SARSCoV, so iyan ang mga dapat maintindihan natin.

So babalik tayo sa sintomas, usually cough, sore throat, fever, okay? Minsan may watery diarrhea. Iyon, medyo taglay ng mga viruses ito na coronavirus family, iyong may kasamang watery diarrhea pero hindi lahat lumalabas iyang sintomas na iyan; Difficulty of breathing, shortness of breath, in extreme cases, sa mga malala, napapabayaang na mga kaso ay nagkakaroon ng pneumonia – tapos ng pneumonia, magkakaroon ng severe acute respiratory illness. Ibig sabihin nito, talagang ang baga ay apektado na. Iyong pneumonia niya ay talagang widespread sa kaniyang baga. Kung titingnan mo sa X-ray, may tinatawag kang infiltrate, at bandang huli, puwedeng magkaroon ng kidney failure and death – puwedeng ikamatay.

So sa unang bahagi ng paglabas ng mga sintomas, halos katulad ito ng mga circular common flu na ating nararanasan – ikaw at ako, si Sec. Martin, si Asec Ablan – so lahat tayo ay maya't maya nagkakaroon niyan. So mahirap mong tukuyin ang pagkakaiba ng mga sintomas ng mga iba't ibang mga mikrobyo na nagdudulot ng ganitong sintomas.

SEC. ANDANAR: Ayun, so klaro iyon ha, mga kababayan.

SEC. DUQUE: Oo, dahil wala naman tayo sa ospital. Naglalakad tayo sa mga opisina natin, walang dapat ipangamba.

SEC. ANDANAR: So very clear. But we advise that we should always be hygienic – wash your hands all the time.

SEC. DUQUE: Yes, number one, oo.

SEC. ANDANAR: Maganda iyong sinabi mo Sec. Duque, na either you sing Happy Birthday or you pray Our Father para ...

SEC. DUQUE: Oo, may kasama pang basbas mula sa langit habang ikaw ay naghuhugas – ito ay ... napaka-pektibo nito. So dapat ay tumalima ang taumbayan dito po sa ating mga praktikal na mga gawain na talagang proven na iyan, marami nang pag-aaral na isinagawa, maraming pananaliksik or research na nagpapakita na may taglay na proteksyon ito laban sa mga sakit. And it's very, very practical ano, simpleng-simple, doable;

Tapos, number two, you have to avoid crowded places. Halimbawa, mapunta ka sa elevator na siksikan, eh 'di ilagan mo na iyon. Mabuti pa na gamitin mo iyong hagdan, may exercise ka pa, maganda sa puso at saka sa daluyan ng dugo. Eh bakit ka pa makikipagsiksikan sa mga elevator;

Pangatlo, dapat uminom nang maraming tubig para maging moist iyong lalamunan kasi kung dry, madalas mas madaling kapitan ng virus ang dry throat. So uminom ka maya't maya para you keep the throat moist 'no, iyong lalamunan; Tapos iyong pag-iinom ng Vitamins A, C, D, E at saka Zinc. Napakahalaga po ng Zinc, mayroon pong taglay na proteksyon din ito sa inyong lalamunan laban sa mga mikrobyo, viruses, bacteria, etc;

Ang panghuli na lang po ay ang pag-ehersisyo. Mahalaga po ang exercise sa pagpapatatag ng ating resistensiya. At iyon na nga, iyong huwag nagpupuyat, siguraduhing may sapat na oras para sa tulog – pito hanggang walong oras, okay na iyan. Huwag inaabuso ang katawan: Huwag naninigarilyo; Huwag umiinom. Ito na ang panahon, siguro ang gusto ng Diyos sa atin ay pangalagaan naman natin ang ating mga sari-sarili sa pamamagitan ng pagpapairal ng ating sariling pang-personal na kalinisan at maging mabait tayo sa ating mga katawan nang sa ganoon ang kalusugan ay mapag-ibayo natin at makakapagbigay-proteksyon laban sa mga namamayagpag na mga sakit.

SEC. ANDANAR: Salamat po talaga sa mga payo na iyon. Eight hours of sleep, kailangan alagaan ang katawan. Kaya ikaw, JV, ikaw inaabuso mo iyong katawan mo. Tulog ka apat na oras lang.

SEC. DUQUE: Hindi puwede iyon.

SEC. ANDANAR: Itong si Kris Ablan, buti ito nag-e-exercise, nagbi-baseball at nagba-biking ito – baka mayroon kayong tanong, Kris?

ASEC. ARCENA: Sir, ito medyo curious lang din kasi iyong mga kababayan natin, lalo na doon sa first nCoV patient ‘no. Ang mga tanong nila kasi doon ay iyong, umikot na pala itong pasyente na ito sa iba’t ibang panig ng bansa, ano ho iyong ginagawang pag-track ng DOH at ano po ang plano ho ng DOH doon naman sa mga nakasalamuha ng pasyente?

SEC. DUQUE: Well, nag-umpisa na kahapon iyong ating Epidemiology Bureau, iyong surveillance officers natin, kasama ang ating regional offices, ano – halimbawa doon nga sa Cebu, Dumaguete, Region VII iyan at Central Visayas iyan na kung saan ang ating mga Epidemiology Bureau officers ay sinimulan na ang tinatawag na contact tracing.

Dito naman sa Manila, inumpisahan na rin na makipag-ugnayan sa mga paliparan – iyong Cebu Pac at saka iyong PAL – na kung saan napag-alaman na sumakay ang dalawang pasaherong ito. Kaya sa kasalukuyan ay isinasagawa ang contact tracing para nang sa ganoon ay makilala itong mga taong ito dahil—basta may flight manifesto ka naman, makikita mo doon iyong mga pangalan ng mga kasamang mga pasahero. At mayroong tinatawag na Rule of Four – alam ninyo ba iyong Rule of Four?

ASEC. ABLAN: Ano po iyon, Sec?

SEC. ANDANAR: Ano po iyon?

SEC. DUQUE: Ang Rule of Four, halimbawa, ako ay naupo sa isang eroplano tapos may novel coronavirus pala ako, napag-alaman. So iyong apat na tao sa harap ko sa upuan, iyong apat na tao sa likod ko, iyong apat na tao sa kaliwa ko at apat na tao sa kanan ko, iyon ang mga taong hahanapin ngayon on the basis of the flight manifesto, ‘di ba may flight manifest iyan. At saka, on the basis of health declaration card, doon makikita kung saan sila hahanapin. So iyon ang unang phase ng contact tracing activities.

Iyong second phase, iyong doon sa local, sa localities. Kagaya noon, napunta kung hotel ba iyan, kung anong barangay, susuyurin iyan ng ating mga contact tracing personnel para nang sa ganoon ay mabigyan ng abiso kung sinuman iyong mga nakasalamuha nung pasyente.

So mayroon na tayong protocol para sa ganoon. At ilang beses na talagang ginagawa naman ng DOH iyan, noong panahon ng SARS, panahon ng MERSCoV, panahon ng pandemic AH1N1. So ‘ika nga, kabisado na nila itong mga ganitong hakbang para sa contact tracing.

ASEC. ARCENA: Isa pang concern ‘no, tanong ng atin pong mga kababayan, Secretary Duque, ay ano raw ba talaga ang mga sintomas ng nCoV? Kasi may mga nagsasabi na

asymptomatic, may nagsasabi na parang flu lang daw. Puwede ninyo po bang i-detalye sa amin kung ano po iyong mga sintomas kapag mayroon pong ganitong sakit?

SEC. DUQUE: Unang-una, ibig ko hong ipaliwanag sa inyo na mga walumpung porsiyento ng nCoV infection ay mild form; iyong mga 20% percent, severe respiratory illness. Iyong kung tawagin ay acute respiratory illness or severe acute respiratory illness, sa bente porsiyento. At ang mortality rate, ang prosiyento ng namamatay ay mga two to three percent – mababa lang ‘no; hindi katulad ng MERSCoV, 36%.

Ibig sabihin ng 36% death rate sa MERSCoV ay for every 100 people who are infected, 36 ang namamatay. So ang laki, ang laki ng case fatality rate or mortality rate! Samantala dito, so far, consistently ay nasa two to three percent – every 100 cases, ang namamatay ay dalawa hanggang tatlo. Pero siyempre, hindi naman maganda iyong may namamatay kahit na kakaunti. Siyempre ang buhay na mawawala ay buhay na sobra-sobra, na hindi dapat matanggap natin na may mga namamatay.

Pero para lang mailagay naman sa tamang perspektibo ay ikukumpara rin natin doon sa mga ating karanasan sa mga naunang mga sakit tungkol sa coronavirus kagaya ng MERSCoV at saka SARSCoV, so iyan ang mga dapat maintindihan natin.

So babalik tayo sa sintomas, usually cough, sore throat, fever, okay? Minsan may watery diarrhea. Lyon, medyo taglay ng mga viruses ito na coronavirus family, iyong may kasamang watery diarrhea pero hindi lahat lumalabas iyang sintomas na iyan; Difficulty of breathing, shortness of breath, in extreme cases, sa mga malala, napapabayaang mga kaso ay nagkakaroon ng pneumonia – tapos ng pneumonia, magkakaroon ng severe acute respiratory illness. Ibig sabihin nito, talagang ang baga ay apektado na. Iyong pneumonia niya ay talagang widespread sa kaniyang baga. Kung titingnan mo sa X-ray, may tinatawag kang infiltrate, at bandang huli, puwedeng magkaroon ng kidney failure and death – puwedeng ikamatay.

So sa unang bahagi ng paglabas ng mga sintomas, halos katulad ito ng mga circular common flu na ating nararanasan – ikaw at ako, si Sec. Martin, si Asec Ablan – so lahat tayo ay maya’t maya nagkakaroon niyan. So mahirap mong tukuyin ang pagkakaiba ng mga sintomas ng mga iba’t ibang mga mikrobyo na nagdudulot ng ganitong sintomas.

ASEC. ABLAN: Sec. Duque, si Asec Kris po ito. May follow up question lang po ako dahil nga ang dami pong mga fake news ang nababasa ng mga kababayan sa social media. Alam ko po nag-create po yata ang Department of Health ng specific website po or micro site po sa website ninyo kung saan ang ating mga kababayan ay makakakuha po ng tamang impormasyon. I-confirm ko lang, Sec. Duque, kung tama pa rin po ba ito. Is this www.doh.gov.ph/2019-ncov?

SEC. DUQUE: Tumpak! Tama po iyan, tumpak po iyan!

ASEC. ABLAN: So if there are any questions, kung may nakita po silang mga rumors or news, they should verify it with the aforementioned website?

SEC. DUQUE: Yes, yes – tama, Asec Kris, tama ka – oo.

ASEC. ABLAN: All right. So, malinaw iyon Asec. JV, Sec. Martin. Madami kasing mga fake news na nababasa sa social media. Kahit ilang beses tayong magpa-ano, tuloy pa rin silang nag-i-spread! So ito na ngayon ang ginawa ng DOH, gumawa sila ng special micro site sa kanilang website at kinonfirm po ni Sec. Duque. Once again, it's doh.gov.ph/2019-ncov.

SEC. DUQUE: Iyan, tama po iyan. Alam ninyo, ang problema natin ay dalawang klaseng virus: Iyong isa, virus na 2019 nCoV; iyong isa virus ng infodemic. Iyong virus na ito, mas matindi pang kumalat ito. It is more viral than the virus that we are guarding against 'no. So ito ay wala idinudulot na kabutihan kaya ako po ay nananawagan sa ating mga kababayan, huwag po tayong magpagamit, huwag po tayong maging kasangkapan sa pagpapalawig ng mga balitang puro kasinungalingan at wala pong batayan, wala pong ebidensiya, lalo lang pong nagkakaroon ng pangamba ang taumbayan at ang lipunan ay lalong naguguluhan o nalilito. Dapat po tayong mga lider ng gobyerno at mga responsableng mamamahayag ay iniisip natin na ang mga inilalabas natin na mga impormasyon o kaalaman ay talagang vetted at talaga ito ay may malinaw na basehan.

So pagkaisahan po natin na ito ang atin maging layunin para po sa kapanatagan ng kaooban ng ating mga kababayan.

SEC. ANDANAR: Ang huling tanong ko po sa inyo, Sec. Duque, mayroon po kasi sa harapan ko ngayon, itong article ng Manila Bulletin na kakalabas lang. Sabi nila, “Amid calls against racism,” mayroon pong namimigay na mga Chinese dwellers sa Binondo na mga libreng masks exclusively for Filipinos. Sa mga panahon po na ito, wala ho dapat puwang ang racism, ang discrimination. Ano po ang masasabi ninyo tungkol sa mga racism na mga posts sa Facebook; makakita lang ng Chinese ay may coronavirus na – ano po ang panawagan ninyo, Secretary Duque?

SEC. DUQUE: Nakakalungkot na nasasaksihan natin itong mga ganitong hindi kanais-nais na mga kaugalian, na hindi naman ito taglay nang tunay na Pilipino. Ang taglay nang tunay na Pilipino ay iyong balikatan at bayanihan at kapitbisig, at sabay-sabay tayong tumutulak para matugunan ang mga national problems, national issues, mga public health challenges. Alam naman natin na hindi naman kaya ng bawat Pilipino na siya lamang ang kikilos. So kinakailangan na talagang magkasama tayo. At hindi rin maganda iyong tinatawag natin xenophobia, na sa ganitong racism na tinatawag ninyo ay walang ibang idudulot ito kung hindi iyong napakapangit na ugali, na sana naman ay hindi tayo makilala bilang mga ganoong klaseng mga tao, iyong nag-i-induce tayo ng xenophobia.

Ang ibig sabihin ng xenophobia, iyong matinding takot dahil sa mga klase ng mga tao. Kagaya niyan, iyong ating mga kababayan o iyong mga bisita na mga intsik, eh may mga

damdamin din itong mga taong ito, may mga katulad din natin na pinangangalagaan na reputasyon at dangal. Huwag naman natin sanang babuyin o gawan ng ... magpakita tayo ng pangit na ugali. Hindi po tayo tunay na Pilipino kung ganyan tayo.

ASEC. ARCENA: Secretary Mart, Secretary Duque, may huling tanong lang ako 'no. May mga kritisismo kasi 'no, may mga nagsasabi, lalo na para kay Secretary Duque dahil siya po iyong nasa frontline sa mga ganitong krisis, may mga nagsasabi na medyo lax daw iyong response ng atin pong gobyerno, – Ano po ang opinyon ho ninyo dito, Secretary Duque?

SEC. DUQUE: Iyang mga iyan, iyang mga nagbabatikos ay kasama iyan sa isang mala-demokratikong lipunan at kasama iyan sa trabaho natin na wala tayong ginawang tama. So para po doon sa mga nagsasabi nang ganoon ay sana mag-aral sila at tingnan nila, pumunta sila sa DOH, tingnan iyong mga Facebook o iyong mga website ng DOH para maintindihan kung ano ba ang mga sistema, polisiya, ang mga mekanismo, mga programa, proyekto na inilatag ng DOH mula noong pumutok itong isyu ng MERSCoV, itong nCoV, na isa naman tayo sa mga nahuli ng mga bansa na napasok ng nCoV.

So hindi ho siguro magandang manisi ng ating mga ahensiya dahil talaga namang puspusan ang pagpupunyagi at pagpursige ng Department of Health. Kaya ako nga, binibigyan ko ng pagkilala ang sipag, halos hindi na natutulog, ang akin pong mga kasama na siguraduhin na hindi po kumalat itong nCoV na ito. At sila po ay mga tunay na lingkod bayan, namamayaning mga lingkod bayan. Suportahan po natin sila dahil sila po ang talagang, 'ika nga, on the ground at sila po ang talagang nangunguna sa pagbibigay ng pangangalaga sa ating mga kababayan, at nagtuturo kung ano ang mga pamamaraan upang maitaguyod natin ang public health o ang pampublikong kalusugan.

ASEC. ARCENA: Maraming salamat po, Secretary Duque. Saludo po kami sa inyo at sa Department of Health, at sa lahat po ng mga ahensiya na nakatutok po dito sa nCoV.

SEC. ANDANAR: Kanina pang alas singko ng umaga iyan, si Sec. Duque, sumasagot ng mga interviews.

SEC. DUQUE: Nakikinig pala si Sec. Martin.

SEC. ANDANAR: Magpahinga na kayo, Sec. Duque, mayroon pa kayo mamaya. Saludo po kami sa inyo at sa inyong mga kasamahan diyan po sa Department of Health. Nandito lang po kami sa inyong likod. Sec. Duque, laging handa ang PCOO. Nandito lang po kami para suportahan po ang inyong communications campaign.

SEC. DUQUE: Maraming salamat, Sec. Martin. Kanina ang laki-laki ng suportang binigay ninyo sa ilalim ng inyong pamunuan, ang team ng PCOO. Talagang ramdam na ramdam habang kami ay nagpupulong doon sa inter-agency task force for the nCoV. So maraming salamat, Secretary Martin, sa inyo pong napakalakas na suporta. At kaya naman nagkakaroon tayo ng

mga tagumpay dahil ang gobyerno, nakikita ng taumbayan, nagkakaisa rin tayo sa liderato ng ating napakamahusay at magaling at nagmamalasakit sa Pangulong Rodrigo Roa Duterte.

SEC. ANDANAR: Salamat po. Good night, Sec. Duque. I'll see you at the Cabinet (meeting) next week. Salamat po.

SEC. DUQUE: Magandang gabi po.

ASEC. ARCENA: Iyan si Secretary Francisco Duque ng Department of Health. Sec. Mart, two minutes na lang po bago ang alas otso, may panghuling mensahe ho ba kayo?

SEC. ANDANAR: Ang sa akin lang naman ay sinusuportahan ko iyong sinasabi ni Secretary Duque na dapat po ay wala talagang puwang ang diskriminasyon pagdating sa mga panahong ito, dapat tayo ay magkapit-bisig, Asec. Kris. We should all be united and be a united nations. Dapat ganoon po (signal not clear) this virus they know, no boundaries. Puwede itong kumalat sa Pilipinas, puwedeng kumalat doon sa Hong Kong, puwedeng kumalat doon sa Singapore, kaya dapat magsama-sama ho tayo. Dapat huwag na ipakita sa publiko na tayo ay isang racists na mga Pilipino. Hindi ho, malayo ho tayo diyan sa pagiging racists.

At salamat, JV, sa pagkakataon na ito, Asec. Kris. Salamat din sa mga nakasalamuha ko doon sa Cebu City. Sina Governor Gwen Garcia, si Mayor Labella. Doon sa Bohol, sina Vice Mayor Veloso. Ganoon din po si Governor Relampagos, ang ating acting governor po doon – salamat po. At sa lahat po ng mga um-assist sa PCOO, mga kasamahan nating media sa Bohol at sa Cebu, mabuhay po kayo.

ASEC. ARCENA: Maraming salamat, Secretary Martin Andanar.

##

Source: PCOO-NIB (*News and Information Bureau-Data Processing Center*)